Ministry of Employment and Income Assistance

Mga Pinapahalagahan ng Ministri

Aming pinahahalagahan ang:

Mga Tao

Ang pagpapahalaga sa mga tao ang pundasyon ng aming mga gawain sa Ministri.
Ang pinakamahalagang kayamanan ng aming samahan ay ang mga tao – ang kanilang kaalaman, kakayahan at karanasan.
Pinahahalagahan namin ang lakas na nagmumula sa pagkakaiba-iba at nagsisikap na masuportahan ang isa't isa at aming mga kliyente sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng kakayahang mamuno, bukas na pakikipagtalastasan, pagsasali sa lahat, pagtutulungan sa paggawa bilang isang pangkat at personal at propesyunal na pag-unlad.

Pansariling Pananagutan

Pinahahalagahan namin ang pansariling pananagutan patungo sa higit na pagbibigay kapangyarihan, pagtitiwala sa sarili at pagpapahalaga sa sarili para sa mga kawani at kliyente. Binabalanse namin ang aming pagsisikap sa pansariling pananagutan nang may pagmamalasakit.

Paggalang at Pag-unawa

Ang mga pinapahalagahang ito ay nagsisimula sa bawat isa sa amin na nasasalamin at nakikita sa mga pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan ng mga kawani at sa pagseserbisyo sa mga kliyente. Pinakikitunguhan namin ang iba sa paraan na nais namin na kami ay pakitunguhan at nagsisikap upang maintindihan, nang may pagmamalasakit, ang mga pagsubok na kanilang kinakaharap. Kinikilala namin na ang mga pinapahalagahang ito ay magkakaiba-ibang naipahahayag sa pamamagitan ng mga gawain ng kabutihan, pagmamahal, pagpapaubaya at mabuting pakikisama o pakikipagkapwa.

Pagkamakatarungan at Pagiging Patas

Upang maayos na mapagsilbihan ang aming mga kliyente, ang publiko at ang isa't isa, umaasa kami sa aming kaalaman, kasanayan, at karanasan sa pagbabalanse sa pagiging makatarungan sa pagiging patas. Nagsisikap kami na palaging kumilos nang patas at hindi pabagu-bago, habang kinikilala ang mga indibidwal na pangangailangan at mga napapaloob sa mga batas at mga patakaran. Ang aming mga pang-organisasyong kaugalian o gawiin ay kakatawanin ang mga pinapahalagahang ito.

Pananagutan

Pinahahalagahan namin ang pananagutan sa aming mga desisyon at mga kilos, at para doon sa aming mga kliyente. Gagamit kami ng malawak o komprehensibo at balanseng proseso ng pamumuno na kumikilala sa mga pangangailangan ng mga kawani, kliyente at negosyo.

Malinaw at Bukas na Pakikipagtalastasan

Ang malinaw o walang itinatago at bukas na pakikipagtalastasan sa aming mga gawain at pagdedesisyon ay lubhang mahalaga sa tagumpay ng aming samahan. Hihikayatin namin ang pakikipag-usap upang masiguro ang tagumpay na iyan.

Ang aming mga pinapahalagahan ay sumusuporta sa dangal o intigridad ng Ministri. Ang pamamaraan ng aming pagkakaloob ng serbisyo at pagpapakita ng aming kakayahan sa pagtatrabaho sa pamamaraang sumasalamin sa aming mga pinapahalagahan ang siyang saligan sa pagbubuo ng tiwala sa mga kawani, mga kliyente at madlang-bayan.

BRITISH COLUMBIA
Ministry of Employment and Income Assistance